


A poster for the UPD Arts and Culture Festival 2022. The background is dark with two large, stylized portraits of men's faces in shades of blue and purple. In the center, a group of performers in dark, traditional-style clothing with red accents and wide-brimmed hats are performing on a stage. One performer is kneeling on the left, while others are in various poses. The background behind the performers is a complex, blue-lit structure resembling a traditional building or scaffolding. The text 'UPD Arts and Culture Festival 2022' is overlaid in a bold, yellow, serif font.

UPD Arts and Culture Festival 2022



Cover photo: Busts of GomBurZa (background) and a dance performance that was part of the “Sa Mahal Kong Bayan” program (foreground). Photos by Mariannel Crisostomo and Jefferson Villacruz, UPDIO, respectively

On this page: “Atang: A Sound Prayer” installation. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO

Inside

UPD ACF 2022 kaMALAYAn: Pamana ng GomBurZa @ 150	4	The propagandists' longing for home	50
Paanyayang Mensahe para sa UPD ACF 2022	5	Celebrating the national heroes	56
UPD ACF 2022 launched	7	Women artists, communities amid the pandemic	61
Isang gabi ng pagpupugay sa GomBurZa	10	Lessons on heroism and revolution	65
Atang: isang handog na pahinga	15	Lugar ng pinagbigkis na mga hangarin	70
Akademikong talastasan, panatilihing buhay	19	Kumperensyang BAGUMBAYAN, inalala ang GomBurZa	74
Espirituwal na buhay ng katutubong Pilipino	21	BAGUMBAYAN live	78
Mungkahi: kamalayan para sa Pilipino bilang TAO	26	Himigsikan strikes a chord	84
Hindi lamang sa sining dumadaloy	32	Salute to Martial Law survivors	88
Pag-alala sa GomBurZa: panahon ng pagsusuri	37	Laya, alay, maláy: legacies of GomBurZa	91
Identity, conquest, and social justice	43	Identity and the environment	95
Who is the Filipino?	46	End credits and acknowledgements	98

UPD ACF 2022

“kaMALAYAn: Pamana ng GomBurZa @ 150”

Cecilia S. De La Paz, PhD, *Project Leader*

Tuwing Pebrero mula pa noong 1991, ipinagdiriwang ang Pambansang Buwan ng Sining na itinakda ng Presidential Proclamation 683. Para sa taong 2022, minarapat ng UP Diliman (UPD)

Opisina ng Tsanselor, sa pamamagitan ng Office for Initiatives in Culture and the Arts (OICA), na bigyang-halaga ang komemorasyon ng ika-150 anibersaryo ng kamatayan ng GomBurZa—ang mga ginatong sekular na paring Pilipinong pinaratangan ng kolonyal na pamahalaang Espanyol na tagapasimuno ng pag-aalsa sa Cavite noong 1872. Ang GomBurZa ay ang mga paring sina Mariano Gomez, Jose Burgos, at Jacinto Zamora. Sila ay mga kilalang kritiko ng pamumuno ng banyagang prayle at nagsulong ng kapakanan ng mga sekular na paring Pilipino.

Ang pagdanas at pagdama ng nakagigimbal na kamatayan ng tatlo sa pamamagitan ng garote noong Pebrero 17, 1872 ay nagkaroon ng malaking epekto sa kamalayan ng mga Pilipino noong ika-19 na dantaon, kasama na ang mga bayani tulad nina Jose Rizal, Andres Bonifacio, Marcelo H. del Pilar, at Apolinario Mabini. Para sa mga historyador, masasabing ang danas at sinapit ng GomBurZa ay naging ugat ng diwang makabayan na nagsilbing artikulasyon ng kawalang-hustisya sa lipunang kolonyal.

Kung gayon, maaaring ituring ang kamatayan ng GomBurZa bilang isang historical turning point— isang pangyayaring nagsilbing mitsa ng kamalayang Pilipino at nasyonalismo—na hahantong sa Rebolusyong 1896.

Dahil sa mga nabanggit, ang tema ng UPD Arts and Culture Festival 2022 na gaganapin mula Pebrero hanggang Marso ay “kaMALAYAn: Pamana ng GomBurZa @ 150.”

Ang festival ay isang pagkakataong pag-aralan at pagnilayan ang mga konsepto ng kamalayang Pilipino



at ang mga nakapaloob na diwa ng alay, maláy, at laya sa salitang “kaMALAYAn.” Papaano natin uunawain ang lawak at lalim ng mga kamalayang Pilipino sa kasalukuyan? Mula sa perspektibo ng kasaysayan ng emosyon, paano natin uunawain ang kontemporaryong pagdanas at pagsaksi sa iba’t ibang uri ng kamatayang dulot ng pandemya, karahasan, at sakuna bilang mga binhi ng makatao at maka-Pilipinong kamulatan para sa pagbabago?

Kahit nasa gitna ng pandemya, sinikap na ipagpatuloy ang paglikha ng sining at mga diskursong pangkultura ng iba’t ibang yunit sa UPD sa mga virtual platform. Ang mga proyektong nakapaloob sa festival ay binubuo ng mga webinar, conference, exhibit, creative program, at sound art installation. Makikita ang mga output ng festival sa mga social media page ng OICA sa pamamagitan ng hashtags na #UPDArtsCultureFestival2022, #GomBurZa150, #NAM2022.

Ang festival ay isang pagkakataon kung saan lahat tayo ay maaaring makipagtalakayan sa mga usapin ng lipunang Pilipino. Sa taong ito, patuloy na haharapin pa rin natin ang pagsubok na dulot ng pandemya, kasama na ang mga usaping politikal, pangkabuhayan, at panlipunan. Kung noong sa panahon ng pananakop at pang-aapi, ang malakas at malinaw na kamalayan para sa bayan ang lumikha ng ating bansa, sikapin nating sa kasalukuyan, mapagyaman natin ang kamalayang makatao, makabansa, at makakalihan para sa kinabukasan ng bayan at sangkatauhan.

Paanyayang Mensahe



Fidel R. Nemenzo, DSc, Tsanselor

Isang mapagpalayang araw sa inyong lahat.

Ngayong ika-17 ng Pebrero, ilulunsad natin ang taunang UP Diliman (UPD) Arts and Culture Festival. Pangunahing tagapangasiwa ng selebrasyong ito ang ating Office for Initiatives in Culture and the Arts.

Nitong nakalipas na dalawang taon, patuloy tayong niyuyugyog ng mga pagsubok na dulot ng pandemya sa bansa at daigdig. Ito’y lubos na nakaapekto sa ating pag-iral bilang mga indibidwal, bilang mga mamamayan, bilang bahagi ng Pamantasan at sambayanang Pilipino.

Sa gitna ng mga panlipunang hamong ating kinakaharap, mahalagang mabatid nating may mahalagang tungkuling marapat gampanan ang larangan ng sining at kultura. Tungkulin nitong makapagpakita sa atin ng mga alternatibong pag-unawa sa mga kaganapan at isyung panlipunan.

Tunay na napapanahon ang tema ng ating pagdiriwang ng Buwan ng Sining ngayong taon; ang nakapaloob na diwa sa salitang “kaMALAYAN:” alay, maláy, at laya. Inaakay tayo nito upang mabatid ang halaga ng koneksiyon ng mga konsepto gaya ng pagiging maláy, pag-aalay ng buhay, at pagkamit ng kalayaan.

Nakapaloob sa mga proyektong pangsining at pangkultura ng pagdiriwang na ito ang pag-uugnay sa karanasang Pilipino, sa konteksto ng pandemya, at sa mga isyung panlipunang kinakaharap natin ngayon. Marapat nating maisapuso na nagkakahalaga ang sining kapag ito’y malinaw na nagsisiwalat ng at sumisiyasat sa mga batayang problema ng ating panahon.

Nakabatay ang araw ng paglulunsad ng programa sa makasaysayang pagkakabitay kina GomBurZa noong ika-17 ng Pebrero taong 1872. Ang GomBurZa ay nabansagang kritiko ng mga prayle sa kanilang

pagsulong ng karapatan ng mga Pilipinong pari. Pinagbintangan silang namuno sa Cavite Mutiny, at kahit walang matibay na ebidensya, hinatulan ng kamatayan at ginarote sa harap ng publiko.

Ang kaganapang ito ay nagsilbing mitsa sa pagkamulat ng karamihan sa kalupitan ng mga mananakop. Umukit ang kaganapang ito sa kamalayan ng publiko at masasabing naka-impluwensya sa pananaw ng mga rebolusyonaryo ng ika-19 na dantaon tulad nina Jose Rizal, Andres Bonifacio, Marcelo H. Del Pilar, at Apolinario Mabini. Ang sinapit ng tatlong paring Pilipino ay naging mahalaga upang ipagpatuloy ng susunod na henerasyon ng mga Pilipino ang landas tungo sa kaginhawahan, kaliwanagan, at kalayaan.

At ito ang aral ng kasaysayan na marapat nating bitbitin kaugnay ng kalagayan ng ating bansa sa ngayon. Isang daan at limampung taon makaraang bitayin sina GomBurZa ay kinakaharap pa rin ng ating sambayanan ang kalupitan, pandarahas, at panlalamang ng iilan.

Gamit ang sining at kultura, kailangan nating patuloy na magmulat at makitunggali sa puwersang bumabansot sa ating kamalayang pambansa. Gamitin natin ang sining upang hasain ang kamalayan ng mamamayan. Gamitin natin ang mga produksyong pangkultura upang magsilbing lunsaran ng mga likhang tunay na makatao at mapagpalaya.

Gaya nina GomBurZa, kailangan nating patuloy na mangahas—sa larangan man ng sining at sa iba pang porma ng pakikibaka—upang patuloy na makiisa at maging bahagi sa pag-akda ng isang bayang ganap na makatao, may katarungan, at may pagkakapantay-pantay. Sapagkat sa huli, ito ay ating tungkulin bilang mga iskolar para sa bayan.



kaMALAYAn

Pamana ng GomBurZa

UP Diliman Arts & Culture
Festival 2022



#GomBurZa150
#UPDArtsCultureFestival2022
#NAM2022

oica.upd@up.edu.ph
specialprojects_oica.upd@up.edu.ph
(02) 8981-85-00 local 2659-2660
@updoica
bit.ly/updoicaYT

Art Installation and Virtual Exhibit:
ATANG, a sound prayer
18 Marso – 18 Abril | Oblation Plaza

Webinar: Sining at Kamalayang Pilipino
23 Pebrero (Miyerkules) | 9-12 n.u.; 2-5 n.h.
Zoom & UPD-OICA YouTube Channel

Talastasan sa Kasaysayan Webinar Series:
Philippine Nationalism Beyond 1872

**Setting the Context: Nineteenth-Century Philippines and
the Birth of Philippine Nationalism**
21 Pebrero (Lunes) | 2:30-4:00 PM | Zoom

Imagining the Nation
28 Pebrero (Lunes) | 5:00-6:30 PM | Zoom

Who is the Nation
7 Marso (Lunes) | 2:30-4:00 PM | Zoom

Beyond the Nation
14 Marso (Lunes) | 2:30-4:00 PM | Zoom

**UP Diliman Kanlungan Talk Series (Episode 3):
Kababaihan, Sining Pilipino, at Komunidad**
2 Marso (Miyerkules) | 2-5 n.h.
Zoom & UPD-OICA YouTube Channel

Conference: Bagumbayan: Stories of Place and Identity
(National Conference on the 150th Anniversary of the
GomBurZa Execution)
9 Marso (Miyerkules) | 9AM-5PM
10 Marso (Huwebes) | 8AM-5PM
Zoom & Facebook Live

Photo Exhibit: Dark Memories
15 Marso (Martes) | UP Diliman Academic Oval

Malikhaing Programa (Hybrid live/pre-recorded & livestream)
18 Marso (Biyernes) | 6 PM | Oblation Plaza

**Exhibit and Online Program: Bulwagan ng Mga Bayani:
Alay, Alaala, at Pagpupugay sa mga Bayani ng Pilipinas**
UP Asian Center Museum
Exhibit Launch: 21 Marso (Lunes) | 3 PM | Zoom
Permanent Exhibit: ac.upd.edu.ph
Videos: Asian Center YouTube Channel

**HIMIGSIKAN sa Jingle Magazine:
Malayang Tipaan at Kuwentuhan**
25 Marso (Biyernes) | 7 PM | UPD-OICA YouTube Channel

IBA PANG MGA INISYATIBA

**Living in the Philippines: Realizing Identity from
Different Disciplinary Perspectives**
7 Marso (Lunes) | 2-5 PM | Zoom & Facebook Live

Lexicon Unpacked: Alay, malay, laya
17 Marso (Huwebes) | 2-4 PM
UP Department of Linguistics website
& Facebook page



Opisina ng Tsanselor



Festival poster. Image from OICA

UPD ACF 2022 launched

Anna E. Regidor

The UP Diliman (UPD) Arts and Culture Festival (ACF) 2022 formally opened on Feb. 17, coinciding with the 150th anniversary of the martyrdom of Catholic priests Mariano Gomez, Jose Burgos, and Jacinto Zamora (collectively known as GomBurZa). They were executed by the Spanish government on charges of subversion.



The UPD Asian Center collection. Screenshot of the launching of “Bulwagan ng mga Bayani” exhibit

In his message, UPD Chancellor Fidel R. Nemenzo enjoined everyone to take to heart the festival’s theme of “kaMALAYAn: Pamana ng GomBurZa @ 150.”

“Ang sinapit ng tatlong paring Pilipino ay naging mahalaga upang ipagpatuloy ng susunod na henerasyon ng mga Pilipino ang landas tungo sa kaginhawahan, kaliwanagan, at kalayaan,” he said.

In the same way that GomBurZa’s martyrdom opened the eyes of the Filipino public and the revolutionaries like Jose Rizal, Andres Bonifacio, Marcelo H. Del Pilar, and Apolinario Mabini, Nemenzo said art can be used to open the eyes of Filipinos today.

“Gamit ang sining at kultura, kailangan nating patuloy na magmulat at makitunggali sa pwersang bumabansot sa ating kamalayang pambansa. Gamitin natin ang sining upang hasain ang kamalayan ng mamamayan. Gamitin natin ang mga produksiyong pangkultura upang magsilbing lunsaran ng mga likhang tunay na makatao at mapagpalaya,” he said.



Nemenzo. Screenshot of the Opening Ceremony

He called on the UPD community and those watching to participate in public discussions and help shape the future of the country.

“Gaya nila GomBurZa, kailangan nating patuloy na mangahas—sa larangan man ng sining o sa iba pang porma ng pakikibaka—upang patuloy na makiisa at maging bahagi sa pag-akda ng isang bayang ganap na makatao, may katarungan, at may pagkakapantay-pantay,” he said.

The festival consisted of webinars, conferences, art installations, exhibits, and live performances across multiple platforms.

One of the centerpieces of the festival was a national conference on the 150th anniversary of the execution of GomBurZa titled “Bagumbayan: Stories of Place and Identity,” held from March 9 to 10 over Zoom and Facebook Live.

The opening of the ACF 2022 was livestreamed on the Office for Initiatives in Culture and the Arts Facebook page.

“kaMALAYAn: Pamana ng GomBurZa @ 150” was held until April.


Atang: A Sound Prayer. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO



Isang gabi ng pagpupugay sa GomBurZa

Bino C. Gamba





Isang malikhaing programa bilang pagpupugay sa GomBurZa ang itinanghal sa Bulwagang Quezon at birtuwal na nasaksihan noong Marso 19, 6 n.g.

Isang pagtatanghal ng sayaw-dula na bahagi ng "Sa Mahal Kong Bayan." Larawang kuha ni Mariannel Crisostomo

Ang programang “Sa Mahal Kong Bayan” na nasaksihan sa YouTube channel at Facebook page ng UP Diliman (UPD) ay nagtampok ng mga makabuluhan at progresibong musika, sayaw, dula, at isang sipi ng tula.

Ito ay bahagi ng UPD Arts and Culture Festival (ACF) 2022 na may temang “kaMALAYAN: Pamana ng GomBurZa @ 150.”

Ayon sa brochure ng ACF 2022, ang malikhaing programa ay naglalayong “madalumat ang susun-susong temang kumakatawan sa Buwan ng Sining 2022. Tampok din sa palatuntunan ang iba’t ibang anyo ng kamalayan, alay, maláy, at laya sa mahahalagang teksto ng gunita at samu’t saring pananaliksik na tinipon ng mga iskolar ng kasaysayan ng Pilipinas.”

Sa pagbati ng pangulo ng Unibersidad na si Danilo L. Concepcion, na kinatawan ni Elena E. Pernia, PhD, bise presidente ng UP para sa pampublikong gawain, ginunita at ipinaalala niya ang katapangan at kabayanihan ng tatlong paring martir.

*Pagtatanghal ng “Sa Mahal Kong Bayan” ni Lucio San Pedro sa kumpas ni Katz Trangco (kaliwa).
Screenshot ng pagtatanghal*





“Nawa’y mapag-alab ng ating paggunita sa GomBurZa ang ating kamalayan sa mas malalim na kasaysayan ng bansa—na ang bayang ito ay ipinunla’t dinilig ng dugo, pawis, at luha,” ang mensahe ng pangulo na binasa ni Pernia.

*Tampok na sining biswal, obra ni Leonilo Doloricon.
Screenshot ng pagtatanghal*

Samantala, binigyang-diin ni UPD Tsanselor Fidel R. Nemenzo ang kahalagahan ng sining sa pagpukaw at paghubog ng kamalayan at bilang sandata ng katotohanan.

“Ngayong gabi, nasaksihan natin sa malikhaing programang ito ang kapangyarihan ng sining na pukawin at antigin ang ating mga damdamin. Sa pamamagitan ng sining, naipakita sa atin ang pakikipagtunggali ng mga mamamayan sa ilalim ng isang sistemang ugat ng pang-aalipin. Nasaksihan din natin ang kapangyarihan ng sining na maging tulay ng ngayon at kahapon. Mahalaga ito dahil ang mga aral ng nakaraan ay maaari nating gamiting sandata para sa mga suliranin ng kasalukuyan,” saad ni Nemenzo.

Nakapaloob din sa programa ang pagtatanghal ng ritwal ng pag-aalay tampok ang sining instalasyong “Atang: A Sound Prayer.”



*Itaas: Mga miyembro ng Team Atang na binubuo nina (mula kaliwa) Lumbao, Yraola, Imao, Gudiño, at Shivers.
Larawang kuha ni Mariannel Crisostomo*

Ibaba: Ang Team Atang na abala sa pagkukumpuni ng kanilang likhang sining. Larawang kuha ni Mariannel Crisostomo



Atang: isang handog na pahinga

Mariamme D. Jadloc

“Sa aking palagay, hindi challenge ang ino-offer ng Atang kundi pahinga—a sigh of relief sa panahong maraming kaguluhan sa mundo dulot ng pandemya,” saad ni Dayang Yraola, isang propesor sa UP Diliman (UPD) Kolehiyo ng Sining Biswal (College of Fine Arts / CFA), ukol sa sining instalasyon na “Atang: A Sound Prayer” (Atang).



Ang Atang ay halaw sa atang, isang ritwal ng pag-aalay o paghahandog ng mga pagkain at iba pang mga bagay sa mga espiritu.

Ayon kay Yraola, ang curator at artist nito, “Ang hugot ng project na Atang ay ang aming karanasan noong nagsimula ang pandemic. Hindi lingid sa kaalaman ng kampus na ang CFA ay isa sa hardly hit noong pandemic... we lost four of our active faculty members. And then at the beginning of last year, nag-atang kami.”

Dagdag niya, “Ang buong pandemya ay eksibisyon ng strength and resilience ng ating mga kasamahan sa kolehiyo hindi lang dahil sa nawalan sila ng mahal sa buhay, kundi iniisip nila [kung] paano tayo magpapatuloy sa isang bukas na hindi natin nauunawaan. Mayroong ganoong lalim ang pinaghuhugutan nito. So, we really felt that it is the perfect work that we can offer. Ang atang ay isang paraan ng pag-aalay ng pagkain at saka ng essences ng kandila, ng kamanyang, at ng kung ano pa para sa mga espiritu, sa realm na hindi natin pag-aari. It is to acknowledge that we are a small speck in this universe and that whatever efforts we are sharing, ang mga ito ay para sa ikabubuti ng lahat at para makarating tayo sa susunod na bukas at sa susunod pang bukas.”

Ang Atang ay isang sound art installation na binubuo ng dalawang malaking pagoda (Pagoda Mayor at Pagoda Menor) na yari sa kawayan, bakal, at yero, at nakapatong sa isang balsa. Sa loob ng bawat pagoda ay mayroong dalawang klase ng sound instrument na gawa sa ceramic at pinapatugtog ng isang nakaprogramang electronic component. Ang Pagoda Mayor ay naglalaman ng Kabuoan vessels at Tambol Dasal (prayer drums), habang ang Pagoda Menor ay naglalaman ng Sagwan Dasal (rain paddles) at Balasa ng Pangarap (dream shuffler).

Isang collaborative project ng mga artista ng UPD, ang iba pang mga kasama ni Yraola



(Mula kaliwa) Afuang at Trangco. Larawang kuha ni Mariannel Crisostomo





(Mula kaliwa) Shivers at Yraola. Larawang kuha ni Mariannel Crisostomo



na bumubuo sa Atang ay sina Rita Gudiño, propesor sa CFA; Deborah Lyn Afuang, dance artist mula sa UPD Kolehiyo ng Musika (College of Music / CMu); Toym Imao, propesor sa CFA; Katz Trangco, kompositor mula sa CMu; Michael “Mitch” Shivers, lektiyurer sa CFA; at Wilson “Cocoy” Lumbao Jr., instruktur sa CFA.

Si Gudiño ang nagdisenyo ng ceramic component ng Atang; si Afuang ang collaborator para sa sayaw ng Atang; si Imao ang bumuo ng sining instalasyon; habang si Trangco ang naatasang lumikha ng awit at tunog na kumakatawan sa instalasyong ito.

Samantala, si Shivers ang nagsama-sama ng lahat ng electro-mechanical components ng Atang para sa lahat ng mga instrumento base na rin sa mga konsepto ng mga miyembro ng produksiyon upang ito ay maging “audible.” Si Lumbao ang nagdokumento ng buong estruktura. Siya rin ang direktor ng bidyo ng Atang virtual exhibit.

Ang Atang ay inorganisa ng CFA at bahagi ng UPD Arts and Culture Festival 2022 na may temang “kaMALAYAn: Pamana ng GomBurZa @ 150.” Ito ay inilunsad noong Marso 18 at tumagal hanggang Abril 18. Ang bidyo nito ay patuloy na mapapanood sa YouTube channel ng Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining (Office for Initiatives in Culture and the Arts / OICA).



WEBINAR:

SINING AT KAMALAYANG PILIPINO

#GomBurZa150 #UPDArtsCultureFestival2022 #NAM2022

23 Pebrero 2022 (Miyerkules) | 9 n.u. - 5 n.h.
via Zoom & UPD-OICA YouTube Channel



“SINING AT KAMALAYANG PILIPINO:
TUNGO SA ISANG PAMANTAYANG PANSINING”

Propesor Emeritus Nicanor G. Tiongson, PhD
College of Mass Communication
University of the Philippines Diliman



“NASYONALISMO: KAALAMAN, PAGPAPAHALAGA,
at PAGMAMAHAL SA SARILING KALINANGAN”

Pambansang Alagad ng Sining sa Musika
Ramon P. Santos, PhD



“ANG KAMALAYANG PILIPINO SA SINING”

Propesor Felipe M. de Leon Jr., PhD
College of Arts and Letters
University of the Philippines Diliman



“ANG GOMBURZA SA KASAYSAYAN NG
PAMBANSANG PANITIKAN AT KAMALAYAN”

Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan
Virgilio S. Almario, PhD

Mga Tagapagdaloy



**Prop. Elizabeth L.
Enriquez, PhD**



**Prop. Ma. Crisanta
Nelmidia-Flores, PhD**



Poster ng webinar. Poster mula sa OICA

Akademikong talastasan, panatilihing buhay

Mariamme D. Jadloc

Sa kaniyang pambungad na pananalita sa webinar na “Sining at Kamalayang Pilipino” noong Pebrero 23, ibinahagi ni UP Diliman (UPD) Tsanselor Fidel R. Nemenzo na dapat panatilihing buhay sa pamantasan ang mga akademikong talastasan.

“**T**andaan natin na parating nagiging daluyan ng kaalaman at salpukan ng mga diskurso ang mga akademikong talastasan gaya ng webinar na ito—isang katangiang dapat nating panatilihing buhay sa ating mga pamantasan,” saad ni Nemenzo.

Ayon kay Nemenzo, ang layon ng webinar ay maipakitang may mahigpit na ugnayan ang produksiyon ng sining, kritisismong pansining, kamalayan ng manlilikha, konteksto ng kasaysayan, kalagayan ng bayan, at kondisyon ng lipunan sa pagbuo ng kamalayang pambansa.

“Ibig sabihin, ang isang makabuluhang sining sa anyo man ng paglikha, pamamahala, o kritika ay maituturing na palagiang pagtugon kundi man pagbangga sa mga banta, hamon, at tunggaliang umiiral sa lipunan,” saad ni Nemenzo.

Ayon sa kaniya, “kailangan nating mas pag-ibayuhin ang produksiyon ng mga sining, pananaliksik, at kritikang magbibilad, sasalag, at tutugon sa mga kamalian ng ating bayan at ligalig ng ating panahon. Ang tunay na makabayan at makamamayang sining ay wala dapat sinasanto, maging ito man ang mga nagpapanggap na mga sugo ng ating panahon.”

Idinagdag ni Nemenzo na “ito ang marapat na landas ng ating mga sining. Kailangan natin ng mga sining na hinango sa danas ng sambayanan. Kailangan natin ng mga sining na nagsusulong ng kapakanan ng ating sambayanan. Kailangan natin ng mga sining na tunay na makamasa at makabayan.”

Itinampok sa webinar ang mga piling iskolar ng sining Pilipino na nagbigay ng kani-kanilang panayam.



Nemenzo. Screenshot ng webinar



Mga tagapagsalita sa webinar, kasama ang mga miyembro ng pangkat pamproduksiyon. Screenshot ng webinar

Sa pang-umagang bahagi ay itinampok sina Ramon P. Santos, PhD, Pambansang Alagad ng Sining sa Musika at Nicanor Tiongson, PhD, professor emeritus sa UPD Kolehiyo ng Komunikasyong Pangmadla (College of Mass Communication / CMC). Kasama nila bilang tagapagdaloy ng webinar si Elizabeth L. Enriquez, PhD, isang propesor sa CMC.

Samantala, itinampok naman sa panghapong bahagi sina Virgilio S. Almarino, PhD, Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan at Felipe M. de Leon Jr., PhD ng UPD Kolehiyo ng Arte at Literatura (College of Arts and Letters/ CAL) at dating tagapangulo ng National Commission for Culture and the Arts. Kasama rin si Ma. Crisanta Nelmda Flores, PhD, isang propesor sa CAL, na nagsilbing tagapagdaloy.


“Tiyak na hindi lamang kapupulutan ng aral at kaalaman ang kanilang ibabahagi sa atin, bagkus, makapagmumulat at magpapaigting ito ng tunay na kamalayang Pilipino sa panahon ng ligalig at pangamba,” saad ni Flores.

Kaniyang itinuring ang mga panauhing iskolar na mga magigiting at makabayang pantas sa larangan ng sining at panitikan.

Ayon naman kay Enriquez, “Sa pagdalumat ng ugnayan ng sining at kamalayang Pilipino, hangarin ng mga panayam na makapagbahagi ang mga pantas sa sining Pilipino ng kanilang kaisipan, saloobin, at tunguhin ukol sa ugnayan ng sining at kamalayang Pilipino sa kontekstong nagbabagong kondisyon ng ating lipunan.”

Sinabi rin niyang hangad ng webinar na makaambag sa pagpapalutang ng konsepto ng kamalayang Pilipino bilang kamulatan sa konteksto ng kasalukuyang kondisyon ng bayan sa gitna ng mga hamon sa buhay sa hinaharap.

Ang webinar ay bahagi ng UPD Arts and Culture Festival 2022 na may temang “kaMALAYAn: Pamana ng GomBurZa @ 150.” Ito ay nasaksihan sa Zoom at sa YouTube channel ng UPD Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining (Office for Initiatives in Culture and the Arts / OICA).



WEBINAR:
SINING AT
KAMALAYANG
PILIPINO

YouTube Live Monitor

#GornBarZai50
#UPDArtsCultureFestival2022
#NAM2022

Panayam ni Santos. Screenshot ng webinar

Espirituwal na buhay ng katutubong Pilipino

Mariamme D. Jadloc

Isang panayam ukol sa espirituwal na pamumuhay ng katutubong Pilipino sa larangan ng katunugan o mga bagay-bagay na ginagawa sa pamamagitan ng tunog ang ibinahagi ni Ramon P. Santos, PhD, Pambansang Alagad ng Sining sa Musika at professor emeritus sa UP Diliman (UPD) Kolehiyo ng Musika.



WEBINAR:
**SINING AT
KAMALAYANG
PILIPINO**

Isang pagtatanghal ng “antuway” ng mga Bontoc. Screenshot ng webinar

Ang panayam na “Nasyonalismo, Kaalaman, Pagpapahalaga, at Pagmamahal sa Sariling Kalinangan” ay bahagi ng pang-umagang sesyon ng webinar na “Sining at Kamalayang Pilipino” noong Pebrero 23 na nasaksihan sa Zoom at sa YouTube channel ng Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining.

“Ang maikling panayam na ito ay isang pagbabalik-tanaw sa ilang katangiang hindi lamang ng ating pinanggalingan kundi kung sino tayo at ang totoong pinanggagalingan ng ating kakayahan. Bilang paggunita sa kabayanihan nina Padre Mariano Gomez, Jose Burgos, at Jacinto Zamora na hindi kinalimutan ang kanilang tinubuang lupa sa kabila ng kanilang mga banyagang pangalan, pagiging pari, at pagiging sugo ng Kristiyanismo, ang panayam na ito ay isang marubdob na pagkilala sa kanilang katutubo at sariling kamalayan sa larangan ng relihiyon,” saad ni Santos.

Ang mga halimbawang kaniyang binanggit sa panayam ay may kinalaman sa mga pagpapahiwatig ng pang-espirituwal na damdamin sa pamamagitan ng tunog.

Una niyang tinalakay ang instrumentong gong. Ayon kay Santos, ang gong, noong unang panahon, ay isang espirituwal na bagay.

“Ito ay ginagamit sa pagtawag at pakikitungo sa Maykapal o sa pagtawag at pakikipag-usap sa mga taong nasa malayong lugar. Hindi ito tinutugtog para mang-alih na kinagawian na ngayon at paiba-iba ang tono nito sapagkat hindi ang tono ang mahalaga rito kundi ang lakas at taginting nito na pinaniniwalaang galing sa poon,” aniya.

Dagdag ni Santos, ang gong ay “isang instrumento ng pagsamba at pakikitungo sa mga espiritu at mga pumanaw na ninuno kahit na sa ngayon ay ginagamit na ang mga ito sa mga sekular na palabas o sa mga gawaing panglibang. Sa kasalukuyang panahon ay nagpapahiwatig pa

rin ito ng banal na pagkilala at pakikipagngiig sa mga espiritu at Poong Maykapal.”

Sunod niyang tinalakay ang mga tradisyong gumagamit ng tinig. Una niyang ibinahagi ang “bangil” na isang ritwal ng Benguet o Baya-o ng mga Bontoc sa Mountain Province.

“Ang ritwal na ito ay paggunita at pagsasalaysay sa talambuhay ng yumao pati na ng kaniyang pagkakasala sa kapuwa at sa lipunan. Kung minsan, unti-unting inaalis ang mga parte ng kaniyang kasaysayan na may bahid ng kasamaan. Ito ay pormal na kinakanta sa ilang tono,” saad ni Santos.

Kaniyang dagdag na ito ay inaawit ng iisang tao nang tuloy-tuloy ang pagsasalaysay.

Ang isa pang ginagawa sa burol ay ang “antuway” kung saan may isang namumuno sa pagkanta tungkol sa mga ginawa at katangian ng taong pumanaw at susundan ito ng isang

grupo ng kababaihang aawit ng ilang talata tungkol sa kamatayan.

Ayon kay Santos, ang mga nabanggit ay katulad ng mga “eulogy” sa kalunsuran, “ngunit higit na masining ang ginaganap sa mga nayon ng mga katutubo. Ang lahat ng ito ay bahagi ng kanilang tradisyon sa mga pang-araw-araw na buhay.”


Kaniya ring tinalakay ang “bad-iw” ng mga Ibaloi na “isang uri ng panulaang sinasambit sa isa o dalawang tono ng isang matandang lalaki sa komunidad. Matapos ng isang linya, isang grupo naman ng mga kababaihan ang umuulit sa linya sa isang inuulit na himig. Ang tula ay sinasambit nang iglapan at hindi pinaghahandaan kaya’t ang mga batikan lamang ang isinasali sa isang bad-iw-an.”

“Sa komunidad ng Islam, ang pagsilang ni Propeta Muhammad ay ipinagdiriwang sa pagkanta ng ‘mawlid’ na naglalaman ng kaniyang

Enriquez at Santos. Screenshot ng webinar



Prop. Elizabeth L. Enriquez, Ph.D



NA Ramon P. Santos, Ph.D

WEBINAR:
**SINING AT
KAMALAYANG
PILIPINO**

#GomBurZai150
#UPDArtsCultureFestival2022
#NAM2022



WEBINAR:
**SINING AT
 KAMALAYANG
 PILIPINO**

Itaas: Ang pag-awit ng "luguh" ng mga Tausug. Screenshot ng webinar

Ibaba: Isang pagtatanghal ng "subli" ng Batangas bilang folkdance. Screenshot ng webinar



WEBINAR:
**SINING AT
 KAMALAYANG
 PILIPINO**

buhay at mga ginawa. Sa mga Tausug ng Sulu, ang tawag dito ay 'maulud' kung saan ang tradisyong pangganapan ay tinaguriang 'luguh maulud,'" saad ni Santos.

Ang "luguh" o "lugu" ay isang uri ng pagkanta ng mga Tausug. Ang isa pang "lugu" ay ang "lugu kamaasan" na inaawit sa mga kasalan, sekular na gawain, at pagdiriwang.

"Ang higit na kilala ay ang 'luguh maulud' sapagkat ito ang kumakatawan sa pinagmulan ng kanilang relihiyon. Ito ay ginaganap ng isang mang-aawit na may mataas na boses at nakagagawa ito ng improbisasyon sa kaniyang pag-awit ng mga taludtod ng teksto. Ang estilo ay binubuo ng mataas na tinig na may kaunting palamuti sa pagsambit ng mga kataga. Ang pinakamahalagang katangian ay kataasan ng tinig [na] habang lumalaon ay lalo pang umiindayog sa kalangitan," aniya.

Sa Kristiyanismo naman "ay ibinahagi ni Santos" ang "daygon" ng Bohol.

"Ang 'daygon' ay ginagamit tuwing Pasko kung saan ang mga batang nakadamit nang marangya ay pumupunta sa pinto ng mga bahay upang umawit at sumayaw sa imahen ng sanggol na si Jesus. Ang 'daygon' ay ambag ng mga Boholano sa pagdiriwang ng Kapaskuhan," aniya.

Sa Batangas naman ay ang "subli."

"Isang ritwal na matatagpuan sa mga barangay ng Buan at Alitagtag, at pati sa ibang parte ng probinsya. Ang 'subli' ay isang debosyon ng mga Katoliko upang magbigay-pugay sa mahal na Krus lalong-lalo na sa buwan ng Mayo. Ang 'subli' ay nanggaling sa mga salitang subsob o pagtuwad at sa bali o nabali, at ito ay tumutukoy

sa aksiyon o posisyon ng mga lalaking sumasayaw. Ang mga babae naman ay may suot na sambalilo na may taling laso at kanila itong winawasiwas, isinusuot, at ginagamit sa pagsaludo sa mahal na Krus na nakalagay sa isang altar. Ang kanilang mga asta ay parang mga estatwa na may mabining galawang kasalungat naman ng mga lalaki na parang mga hibang na hayop. Ang kanilang sayaw ay sinasaliwan ng dalawang tambol at mga palatak ng mga kastanyetang kawayan. Bago magsayaw ay nagpuprusisyon sila at umaawit ng isang banal na himig," paliwanag ni Santos.

Ang huli niyang ibinahagi ay ang "Pasyon" o "Pabasa" na nakaugaliang gawain tuwing sasapit ang Cuaresma o Mahal na Araw.

Sa pagtatapos, sinabi ni Santos na ang lahat ng mga halimbawa ng mga ritwal at seremonya ay ilan lamang sa mga gawaing nabuhay at lumago sa Pilipinas.

"Ang mga ito ay nagpapahiwatig na tayo ay isang bansang espirituwal at mga taong maka-Diyos. Sana ang maikling pagbabalik-tanaw na ito ay magbigay sa atin ng kaunting pagninilay sa ating kakayahan tungkol sa ating mga banal na paniniwala at kaunti man lang kaalaman, pagpapahalaga, at pagmamahal sa ating sariling kalinangan," aniya.

Ang pang-umagang sesyon ng webinar ay ipinadaloy ni Elizabeth L. Enriquez, PhD, isang propesor sa UPD Kolehiyo ng Komunikasyong Pangmadla at unang direktor ng UPD Opisina ng Impormasyon. Ito ay bahagi ng UPD Arts and Culture Festival 2022 na may temang "kaMALAYAn: Pamana ng GomBurZa @ 150."

Mungkahi: kamalayan para sa Pilipino bilang TAO

Mariamme D. Jadloc

Sa webinar na “Sining at Kamalayang Pilipino” noong Pebrero 23, inihayag ni Nicanor G. Tiongson, PhD, professor emeritus sa UP Diliman (UPD) Kolehiyo ng Komunikasyong Pangmadla (College of Mass Communication / CMC), ang mungkahing idagdag sa kamalayan ng Pilipino ang kamalayan para sa Pilipino bilang TAO [sadyang malalaki ang ginamit na mga titik ni Tiongson].

Ayon kay Tiongson, ang kamalayan para sa Pilipino bilang TAO ay “kamalayang nagsusulong sa kapakanan ng bawat Pilipino bilang ganap na TAO sa antas na pisikal, sikolohikal, intelektuwal, espirituwal, politikal, pangkabuhayan, at kultural, anuman ang kaniyang kasarian, lahi, relihiyon, etnisidad, uri, o okupasyon. Ang kaganapang ito ay nakakamit sa patuloy na pagsasanggalang, pagtataguyod, at pagpapalakas ng kaniyang mga karapatan.”

Dagdag niya, “Kasama sa mga karapatang ito ang karapatang mabuhay at ipagtanggol ang sariling buhay; ang karapatang mabuhay nang payapa bilang mamamayan ng isang malayang bayan; ang karapatang kumita nang sapat para mabuhay at makabuhay ng pamilya; ang karapatang alagaan ang kalikasan na siyang sinapupunan ng buhay; ang karapatang ipagtanggol at pagyamanin ang bawat etnisidad; ang karapatang makapag-aral at linangin ang mga talento; ang karapatang pumili ng magiging kasama, kaibigan, at kabiyaq, anuman ang gender o kasarian nito kahit pa ito ‘di

Si Tiongson habang ibinabahagi ang kahulugan ng kamalayang Pilipino. Screenshot ng webinar



B. Ang Kamalayang Pilipino



Ano nga ba ang Kamalayang para sa Pilipino? Ito ang kamalayang nagsusulong sa kapakanan ng bawat Pilipino bilang ganap na TAO, sa antas na pisikal, sikolohikal, intelektuwal, ispirituwal, pulitikal, pangkabuhayan, at kultural, anuman ang kaniyang kasarian, lahi, relihiyon, rehiyon, etnisidad, uri o okupasyon. Ang kaganapang ito ay nakakamit sa patuloy na pagsasanggalang, pagtataguyod, at pagpapalakas ng kaniyang mga karapatan.

Egai Fernandez, Hanap ay Laya, 1983

WEBINAR:
**SINING AT
KAMALAYANG
PILIPINO**

#GomBurZa150
#UPDArtsCultureFestival2022
#NAM2022

kilalanin ng batas o simbahan; ang karapatang payabungin ang kaniyang kaluluwa sa tulong ng alinmang relihiyon, kung ang relihiyong iyon ay hindi mapang-api sa kapuwa at marunong gumalang sa mga karapatang pantao; at ang karapatang makilahok sa pagpapatakbo ng pamahalaan sa pamamagitan ng eleksiyon at pagpapahayag ng sariling kaisipan at damdamin sa mga demonstrasyon, mga sining ng dula, musika, at sayaw, at sining biswal, print media, radyo, telebisyon, at bagong midya.”

Kaniya ring inilahad na matibay ang kaniyang paniniwala na kung ang mga karapatang ito ay igagalang ng mga pinuno at ng mga institusyon ng gobyerno, relihiyon, at lipunan, sisibol at mamumukadkad ang pakikipagkapuwa-tao.

Ayon kay Virgilio Enriquez, ang ama ng sikolohiyang Pilipino, ang pakikipagkapuwa-tao ang siyang pinakamataas na halagahin ng mga Pilipino sa kanilang pakikitungo sa ibang tao at pati na sa mga taong hindi iba sa kanila.



UPD OICA kaMALAYAN 150

Prop. Emeritus Nicanor G. Tiongson, Ph.D.

WEBINAR:
**SINING AT
KAMALAYANG
PILIPINO**

Tiongson. Screenshot ng panayam

“Sa paglalarawan ni Enriquez, ang pakikipagkapuwa-tao ay batay sa paniniwalang ikaw at ang iyong kapuwa ay may ‘shared identity, an inner self shared with others.’ Ang ‘shared inner self’ na ito ay nanggagaling umano sa ‘collective values shared with the rest of humanity and the deep respect for the dignity and inherent worth of a fellow human being,’” ani Tiongson. “Saklaw ng ‘kapuwa-tao’ hindi lamang ang iba pang Pilipino kundi ang lahat ng tao sa mundo,” dagdag niya.

Paliwanag ni Tiongson, ayon kay Enriquez, ang pakikipagkapuwa ay “humanness at its highest level.”

“Sa aming palagay, ang ‘humanness’ na ito na gumagalang sa karapatan ng bawat tao, anuman ang kaniyang kulay, lahi, wika, uri, bansa, relihiyon, kasarian, edad, etnisidad, o kultura, ang dapat maging batayan ng tunay na ‘internationale’ o pagkakapatiran sa buong daigdig,” aniya.

SINING AT KAMALAYANG PILIPINO: TUNGO SA ISANG PAMANTAYAN PARA SA PANUNURING PANSINING

Nicanor G. Tiongson, Ph.D.
Professor Emeritus
College of Mass Communication
University of the Philippines-Diliman

#GomBurZa150
#UPDArtsCultureFestival
#NAM 2022

araw na pamumuhay at pakikipag-ugnayan ng mga Pilipino? Alam nating ang pakikisama ay maaaring maganda pero sa kasalukuyang panahon, sa mga opisina ng gobyerno, ito ay napakasama,” ani Tiongson.

Ayon sa kaniya, ang ating pagpupunyagi ay hindi dapat ibuhos sa paghahanap lamang ng “identidad na Pilipino” dahil maraming mukha ang identidad na iyon. Ang dapat ay ang magpursigang makamit ng bawat Pilipino ang kaganapan niya bilang TAO.

“Identity is not our destination but the point of origin from which we set on our journey of transformation. Ang pagka-Pilipino ay hindi pook na pupuntahan natin kundi pantalang lunsaran lamang ng ating paglalakbay o pagbabanyuhay para marating ang ating tunay na destinasyon: ang pagkamit ng lahat ng Pilipino ng kanilang kaganapan bilang TAO,” saad ni Tiongson.

Ayon sa kaniya, sa paglalapat ng karapatang pantao bilang batayan at diwa ng kamalayang Pilipino, naiiwasan ang mga pamantayang nagpapalabo sa konsepto ng kung ano o sino ang tunay na Pilipino at ang mga kontrobersiyang kaakibat nito.

“Maiiwasan ang paniniwalang iisa, kundi maraming psychologies ang Pilipino, at ang katotohanang saklaw ng katawagang Pilipino, sa ayaw nati’t sa hindi, ang lahat na ng uri ng tao—mula social worker hanggang korap na diktador, mula mambubulok ng Smokey Mountain hanggang matrona sa Forbes Park, mula tindera ng isda hanggang big-time na ismagler,” ani Tiongson.

Ipinunto rin niyang maiigpawan ang napakaraming interpretasyon ng values o mga halagahing umano’y Pilipino na madalas ay nagbabanggaan.

“Ano ba talaga ang kahulugan o mga kahulugan ng pakikisama, utang na loob, (at) hiya sa araw-


Ayon pa sa kaniya, “Sa pagsagwan natin tungo sa destinasyong iyon, unti-unti nating binubuo ang ating pangarap—ang gintong lipunan ng pakikipagkapuwa. Dagdag pa, sa paghubog ng lipunang iyon ay mabibigyan din natin ng tiyak na anyo ang higit na marangal na identidad natin bilang mga Pilipino. Sa transpormasyon ng kasalukuyang Pilipino, unti-unting lilitaw ang identidad ng malayang Pilipinong ganap ang pagkatao at mabubuo ang lipunang binubuhay at ginagabayan ng tunay na pakikipagkapuwa-tao.”

Sa pagtatapos niya sa paksang ito, binanggit niyang kung iaahon ang konsepto ng Pilipino sa lahat ng naghihidwaang deskripsiyon nito at ipapako ang pagiging tunay na Pilipino sa pagiging tunay at ganap na TAO, “lilinaw ang dapat nating maging pagtanaw sa lahat ng bagay—sa ating likhang-sining, kasaysayan, kultura, mga institusyon, at iba pa.”

Ang pagtalakay ng kamalayan para sa Pilipino bilang TAO ay bahagi ng panayam ni Tiongson na “Sining at Kamalayang Pilipino: Tungo sa Paglikha ng Pamantayang Pansining.”

Ayon sa kaniya, ito ay “nakatuon sa pagtukoy sa kamalayang Pilipino na magagamit sa pagsuri at pagtimbang sa hulog at halaga ng mga likhang-sining na Pilipino. Ang papel na ito ay nabuo nang magbigay ng isang seminar-workshop sa sinig at kamalayang Pilipino ang Dalubhasaan sa Edukasyon sa Sining at Kultura at Tanghalang Pilipino para sa mga guro ng Polytechnic University of the Philippines noong Setyembre 2021.”

Bilang paglalagom ng kaniyang panayam, inilahad ni Tiongson na “apat ang dulong na maaaring gamitin sa pagsusuri ng isang likhang-sining: ang pagsusuri sa likhang-sining sa kaniyang sarili; ang pagtukoy sa konteksto ng pagkakalikha o mga kondisyong maaaring magkaroon ng impluwensiya sa pagkakabuo ng likhang-sining; ang pagpapaliwanag sa



Enriquez. Screenshot ng webinar



Prop. Emeritus Nicanor G. Tiongson, Ph.D.

2. Ang Konteksto ng Likhang-Sining



My Husband's Lover, GMA, 2013

Sa radyo at telebisyon, ang mga kondisyon ng produksiyon ng news program (at marahil ng iba pang genre) ay ang limang “filters” ni Enriquez: ang may-ari ng istasyon, ang mga nagpapa-anunsiyo o advertisers, ang elite na umuugit ng media, ang masamang feedback sa manonood o tagapakinig o ratings na iniwasan ng mga prodyuser, at mga tradisyunal na kaaway na kailangan ding iwasan (Enriquez 2021). Para sa mga telenovela at variety show, ang impluwensiya ng Amerika, Mehiko, at Korea at ang paraan ng produksiyon ng mga ito.

WEBINAR:


**SINING AT
KAMALAYANG
PILIPINO**

#GomBurZa150
#UPDArtsCultureFestival2022
#NAMC

Ang panayam ni Tiongson. Screenshot ng webinar

naging dahilan ng likhang-sining sa tumitingin o nakikinig nang una itong mailimbag, maipalabas, o maitanghal; at ang pagpiho sa kahulugan ng likhang-sining at ang timbang nito sa perspektibo ng kamalayang Pilipino para sa TAO o kamalayang tumitiyak kung ang likhang-sining ay nakatutulong o nakasasagabal sa pagkamit ng bawat Pilipino ng kaganapan ng kaniyang pagkatao sa antas na pisikal, intelektuwal, espirituwal, politikal, pangkabuhayan, sosyal, at kultural.”

Ang pang-umagang sesyon ng webinar na “Sining at Kamalayang Pilipino” ay ipinadaloy ni Elizabeth L. Enriquez, PhD, propesor sa CMC at unang direktor ng UPD Opisina ng Impormasyon. Ang webinar ay nasaksihan sa Zoom at sa YouTube channel ng Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining. Ito ay bahagi ng UPD Arts and Culture Festival 2022 na may temang “kaMALAYAn: Pamana ng GomBurZa @ 150.”



WEBINAR:
**SINING AT
KAMALAYANG
PILIPINO**

Pakitunguhan ang ibang tao tulad
sa sarili pagkat ang ibang tao
(konsepto ng kapwa — buod na ideya sa sil)

A diagram illustrating the concept of 'Loob CORE (CLP)'. It features a central white circle with the text 'LOOB CORE (CLP)' inside. Surrounding this circle are several wavy, leaf-like shapes in various colors (pink, purple, blue, green). Some of these shapes contain the words 'you' and 'ikaw'. To the right, the letters 'm' and 'ako' are partially visible, suggesting a connection to the Filipino words 'magkapatid' and 'ako'.


Si De Leon habang ipinapaliwanag ang konsepto ng kapuwa. Screenshot ng webinar

Hindi lamang sa sining dumadaloy

Mariamme D. Jadloc

ng pakikitungo
ay ikaw rin

kolohiyang Pilipino)




Sa panghapong bahagi ng webinar na “Sining at Kamalayang Pilipino” noong Pebrero 23, isa sa tampok na panayam ang “Ang Kamalayang Pilipino sa Sining” ni Felipe M. de Leon Jr., PhD, dating tagapangulo ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) at propesor sa UP Diliman (UPD) Kolehiyo ng Arte at Literatura (College of Arts and Letters / CAL).

#GomBurZa150
#UPDArtsCultureFestival2022
#NAM2022

Ibinahagi ni De Leon na “Bagaman ang sining ang pinakamalinaw na salamin ng kamalayang Pilipino, makikita natin na ang kamalayang Pilipino ay hindi sa sining lang dumadaloy. Ito ay bunsod ng dominanteng kultura na litaw na litaw rin sa ating wika, ritwal, paraan ng pagkain, ugnayan ng lalaki at babae, politika, at panggagamot.”

Dagdag pa niya, ang lahat ng ito “ay kumakatawan sa patuloy na pag-iral ng kamalayan at mga halagahing nakaugat sa sinaunang kulturang Austrones[ian] na pinagmulan ng lahat ng ating katutubong wika.”

Sa kaniyang panayam, inihayag ni De Leon na “ang ating kultura ay may malasakit sapagkat



Ang presentasyon ni De Leon. Screenshot ng webinar

napaka-connected natin sa mga tao,” at “ang malasakit at tapang ay iisa.”

“Kapag may kakayahang magmahal at magmalasakit sa kapuwa, buong tapang ding ipaglalaban ang karapatan, kaligtasan, at kaligayahan ng minamahal. Ang tunay na malasakit ay tapang din. Ang makabayang Pilipino ay siya ring mandirigmang Pilipino.”

Ito ang dahilan, ayon kay De Leon, “kung kaya’t sa kasaysayan ng ating bayan, ang [mga] pinakanag-ukol ng pagmamahal sa Inang Bayan ay sila ring nag-alay ng talino, kahusayan, tapang, at buhay para sa kalayaan [nito].”

Sinabi rin ni De Leon na “ang kontekstong sosyokultural sa paglinang ng kamalayang mapaglikha ay masalimuot at malamang na hindi natin kayang ganap at buhayin sa modernong pamumuhay. Ngunit ang ilang kondisyong saligan nito ay maaaring pagtibayin.”

Sa kaniyang panayam, naghain siya ng ilang rekomendasyon.

Ayon kay De Leon, dapat kilalanin at pag-isipang mabuti ang banal at espirituwal na aspekto ng pang-araw-araw na buhay at pinakakaraniwang bagay. Dapat ding gumawa ng mga bagay na maraming gamit o pakinabang, at iwasang ikahon ang iba’t ibang larangan ng kaalaman.

Marapat ding panatilihin ang malayang daloy at interaksyon ng mga larangan ng kaalaman. Pinatutungkulan ni De Leon dito ang pagsusulong ng interdisiplinaryong edukasyon.

“Linangin ang malawak na kaalaman at kasanayan, at huwag ikulong ang sarili sa isang makitid na espesyalisasyon; buhayin ang paggawang hindi mekanikal na paulit-ulit tulad ng sa mass production. Kundi, bawat likha ay gawing kakaiba at langkapan ng makasining

na aspekto o disenyo; sikaping mapag-isa ang tagapaglikha at tagapanood sa isang pamayanan o samahan; at ibayong palakasin ang kolektibong relasyon at interaksyon,” dagdag niya.

Sa pagtatapos, nag-iwan ng makabuluhang tanong si De Leon: “Kung alam nating ang saligang kultura ng Pilipino ay napakarelasyonal, egalitarian, participatory, demokratiko, malikhain, mapagkalinga, at espirituwal, ano kaya ang implikasyon nito sa pamumuno, pamamahala, politika, edukasyon, kalusugan, at ekonomiya?”

Nagsilbing tagapangulo ng NCCA si De Leon ng dalawang termino: 2011 hanggang 2013 at 2014 hanggang 2016.

Ang panghapong sesyon ng webinar na “Sining at Kamalayang Pilipino” ay ipinadaloy ni Ma. Crisanta Nelmida Flores, PhD, isang propesor sa CAL. Ang webinar ay nasaksihan sa Zoom at sa YouTube channel ng Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining. Ito ay bahagi ng UPD Arts and Culture Festival 2022 na may temang “kaMALAYAn: Pamana ng GomBurZa @ 150.”

Flores at De Leon. Screenshot ng webinar



Prop. Ma. Crisanta Nelmida Flores, PhD



Prop. Felipe M. de Leon Jr., Ph.D

WEBINAR:
**SINING AT
KAMALAYANG
PILIPINO**

#GomBurZa150
#UPDArtsCultureFestival2022
#NAM

Ang rebulto ng GomBurZa na bahagi ng Bantayog ni Andres Bonifacio, isang likha-sining ni Pambansang Alagad ng Sining sa Eskultura Guillermo Tolentino. Ito ay matatagpuan sa Lungsod ng Caloocan. Screenshot ng webinar



Pag-alala sa GomBurZa: panahon ng pagsusuri

Mariamme D. Jadloc

Tatlong bagay ang binanggit ni Virgilio S. Almario, PhD, Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan, na magandang suriin sa paggunita ng ika-150 taon ng pagkamartir, o martiryo, ng GomBurZa.

Ito ay ang pagsuri ng umiiral na pagtingin sa pambansang kasaysayan, kung paano dapat ipuwesto ang sekularisasyon na siyang misyon at sanhi ng martiryo ng GomBurZa sa pagkilos tungo sa F(P)ilipinas, at kung paano nakaambag ang GomBurZa at Filipinisasyon sa diwa ng Himagsikang 1896.

Kaniya itong ibinahagi sa panghapong sesyon ng webinar na “Sining at Kamalayang Pilipino” noong Pebrero 23 na nasaksihan sa Zoom at sa YouTube channel ng UP Diliman (UPD) Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining.

“Hinggil sa una, nag-uumpisa ako sa haka na ang pinakadakilang yugto ng ating kasaysayan ay ang Himagsikang 1896, hindi ang Republika ng Malolos. Bagaman makatuturang suriin ang Republika ng Malolos hinggil sa naging pagbaluktot sa diwa ng Himagsikang 1896 at siyang sanhi ng naging mga tiwaling pagbasa sa ating kasaysayan mula noong panahon ng Amerikano hanggang sa kasalukuyan, bahagi ng naturang pagbaluktot ang ipinalalagay kong hindi natin wastong paggunita kahit sa GomBurZa,” saad ni Almario.

Ani Almario, ang nasyonalismo ay ang pagsilang ng pag-ibig sa bayan at pag-iisip para sa pagkakaisa at kalayaan ng Filipinas, at ito ang nasyonalismong nagrurok sa Himagsikang 1896.



Almario. Screenshot ng webinar

FILIPINISASYON. Sa kaniyang panayam, tinalakay rin ni Almario ang Filipinisasyon, “isang kondisyon at proseso ng pagtanggap sa kultura at sibilisasyong hatid ng kolonyalismo subalit sa paraang isinasanib sa katutubong kultura at pangangailangan.”

Kaniya ring ibinahagi na ang kolonyalismo mismo ang pinagmumulan ng kamulang gamitin at angkinin para sa sariling pakinabang ang sibilisasyon at kulturang mula sa kanluran.

